

Kingston Middle School -- School * Home * Student -- Educational Commitments

10/21/14

Sa Kingston Middle School kinikilala namin na sa pamamagitan ng pakikipagtulungan sa mga magulang at mga mag-aaral, akademikong tagumpay at kasanayan ay bubuti. Itong aming mga pangako ay magiging instrumento upang hikayatin ang ating pagtutulongan.

Ang kawani (staff) ng Kingston Middle School (KMS) ay nakatuon sa pagbibigay ng magandang kalidad na edukasyon para sa lahat ng mag-aaral, at upang makilala ang mahahalagang tungkulin ng mga magulang. Ang kawani ng aming paaralan ay masugabong gumagawa ng mga sumusunod na mga pagtatalaga sa inyo at sa inyong mga anak.

Upang suportahan at makamit ang layunin ng eskuwelahan ang kawani ng KMS ay nangangako na:

Obligasyon	Aksyon
<ul style="list-style-type: none">• Bigyan ang mga estudyante at ang kanilang pamilya ng tamang impormasyon sa tamang oras tungkol sa mga layunin ng eskuwelahan para sa mga mag-aaral.	<ul style="list-style-type: none">• Skyward update sa bawat dalawang linggo• Kumperensiya
<ul style="list-style-type: none">• Panatilihin mataas ang pag-asa ng mga mag-aaral tungkol sa kanilang tungkulin sa pagganap sa kanilang komunidad at paaralan.	<ul style="list-style-type: none">• Pagtuturo pagkatapos ng eskwela• Learning Labs• Academic Lunches• Pagpirma sa (planner)
<ul style="list-style-type: none">• Maglaan ng mataas na kalidad sa pagtuturo.	<ul style="list-style-type: none">• Pagsusuri sa Guro o Punong-Guro• Eksperto sa pagtuturo sa komunidad at Araw ng maagang paglabas ng mga magaaral
<ul style="list-style-type: none">• Maglaan ng positibo, epektibo at ligtas na kapaligiran para sa lahat ng mga mag-aaral.	<ul style="list-style-type: none">• Web mentors• Lingguhang anunsyo (announcement) tungkol sa hanbuk para sa mga mag-aaral• Security Staff
<ul style="list-style-type: none">• Magbigay ng impormasyon para sa mga magulang, sa pamamagitan ng (website) ng eskuwelahan at guro, sulat at balita tungkol sa paaralan (newsletter), at magalok ng kahit na anong tulong kung paano masusuportahan ang pagaaral sa kanilang tahanan.	<ul style="list-style-type: none">• Cavalier Weekly - lingguhang pagsusuri• PTSA Newsletter• KMS Connection - buwanang pahayagan tungkol sa eskuwelahan para sa mga magulang

Para suportahan at maging epektibo ang komunikasyon sa pagitan ng paaralan at tahanan, ang kawani ng eskuwelahan ay nangangako na:

<ul style="list-style-type: none">• Ipahayag sa mga magulang ang mga ipinangakong edukasyon.	
<ul style="list-style-type: none">• Tulungan ang mga magulang na maintindihan ang mga oportunidad sa pagboboluntaryo o sa pakikisali sa mga klase ng kanilang mga anak at obserbahan ang mga gawain sa silid-aralan sa pamamagitan ng mga sulat (newsletter) o workshops.	<ul style="list-style-type: none">• PTSA Website• Orientasyon ng grade 5 hanggang grade 6• Linngohang mensahe tungkol sa caviler• Workshops para sa pagpapalakas ng mga Pamilya
<ul style="list-style-type: none">• Sumali sa mga aktibong komunikasyon katulad ng, ngunit hindi limitado sa, phonecalls, email, at mga pagpupulong ng guro at magulang.	<ul style="list-style-type: none">• Ang mga magulang ay hinihikayat na tawagan ang kawani ng paaralan upang masagot ang mga katanungan tungkol sa eskwelahan. Iminumungkahing oras sa pagtawag ay makikita sa website ng paaralan.

Alam namin na lalong magiging mas epektibo ang pag-aaral ng mga mag-aaral kung ang magulang o tagapagalaga ay ganap na nakatuon sa kanilang pag-aaral. Ganumpaman ang ugnayan ng paaralan at tahanan ay importante para sa pagpapabuti at tagumpay ng paaralan.

Obligasyon ng Magulang

Upang suportahan at makamit ang mga layunin, hinihiling namin na ang mga magulang ay gumawa ng mga sumusunod:

- Tiyakin na regular at nasa tamang oras ang pagpasok ng inyong mga anak sa paaralan. Siguraduhing sila ay handang matuto sa tulong ng kumpletong takdang aralin (homework) at kagamitan sa paaralan.
- Kausapin ang inyong anak sa bawat araw tungkol sa eskwelahan at takdang aralin; Asahang mataas ang pagasa para sa tagumpay ng kanilang akademya.
- Palaging suriin ang grado at mga gawain sa klase sa pamamagitan ng School Districts Parent Access Website (Skyward).
- Dumalo sa mga kaganapan sa paaralan, workshops para sa magulang, mga pagpupulong, at kapag naaangkop, lumahok sa mga boluntaryo, paggawa ng desisyon, at mga oportunidad sa pamumuno para sa paaralan o distrito.
- Maging mabuting modelo at hikayatin ang inyong mga anak na magpakita at maging mabuting impluwensiya sa paaralan, tahanan, at komunidad.
- Samantalahin ang libreng pagtuturo pagkatapos ng klase ng paaralan para sa mga estudyanteng nahihirapan sa pag-aaral.

Upang mahikayat at maging epektibo ang patuloy na komunikasyon, hinihiling namin sa mga magulang na gawin ang mga sumusunod na aksyon:

- Palaging makipag-usap sa guro ng inyong anak, sa pamamagitan ng sulat para maipahayag kung gaano kahusay ang inyong anak at kung ano ang maaari mong gawin upang matulungan ang inyong anak na magtagumpay.

Kingston Middle School -- School * Home * Student -- Educational Commitments

10/21/14

- Magsimulang makipag-usap sa mga kawani ng paaralan tungkol sa maaaring katanungan o kung nababahala dahil sa nirekomendang oras na naihayag sa website ng paaralan.

Sa antas ng paaralang primarya alam namin na, kapag nagsama ang magulang, tagapag-alaga, at suporta ng paaralan, ang mga mag-aaral ay mas lalong tumutibay ang tiwala sa sarili at kusang umaaako sa mga responsibilidad tungkol sa kanilang karunungan at tagumpay sa paaralan. Sa pamamagitan ng pagtatakda ng mga sariling layunin para sa kanilang pag-aaral, Kami ay naniniwala na ito ay magiging daan upang makita at mapagplanohan ang tagumpay sa paralan lalo na ang magkaroon ng magandang kinabukasan. Ang mga mag-aaral na nagpapakita ng responsibilidad, pakikisama, at husay sa komunikasyon ay magiging handa sa mga pagsubok o kahigpitan ng high-school.

Obligasyon ng Estudyante

Upang suportahan ang kanilang mga layunin, hinihiling namin sa mga mag-aaral na gawin ang mga sumusunod:

- Maglaan ng mataas na pag-asa tungkol sa akademya para sa aking sarili.
- Hikayatin ang aking mga magulang o tagapag-alaga na ako ay suportahan sa aking pag-aaral.
- Magpakita ng mabuting asal; sundin ang mga patakaran ng paaralan, lumahok sa mga aktibidad sa silid-aralan, at akoin ang responsibilidad para sa aking pag-aaral.
- Kumpletuhin ang lahat ng mga takdang-aralin, kabilang ang mga araling-bahay, sa abot ng aking makakaya

Upang suportahan ang patuloy na komunikasyon hinihiling namin sa mga mag-aaral na gawin ang mga sumusunod:

- Kausapin ang aking mga magulang o tagapagalaga tungkol sa aking pag-aaral araw-araw.
- Makipag-usap sa mga kawani ng paaralan at iba pang mga mag-aaral sa pamamagitan ng positibong paraan.
- Humingi ng tulong sa aking mga magulang at mga kawani ng paaralan kapag mayroon akong tanong tungkol sa aking pag-aaral.

Edukasyong Pangako para kay _____ Pangalan ng Magaaral

Sa abot ng aking makakaya, aking susundin ang mga pangako na nakalagay sa dokumentong ito:

_____ Lagda ng Guro, _____ Petsa

_____ Lagda ng Magulang, _____ Petsa

_____ Lagda ng Mag-aaral, _____ Petsa